

Alamin ang mga katotohanan:

Pagbabakuna sa mga bata laban sa COVID-19

Inaprubahan ng Health Canada ang COVID-19 vaccine para sa mga batang 5 hanggang 11-taong-gulang. Tinutulungan ng vaccine ang katawan na labanan ang virus nang ang mga bata ay hindi mas malamang na magkakasakit ng COVID-19 at makakaranas ng mga sintomas nito.



Bagamat ang mga bata ay mas bihirang magkasakit ng malubha mula sa COVID-19, maaari pa rin silang:

- › magkasakit mula sa COVID-19
- › maimpeksyon at hindi magkaroon ng anumang mga sintomas
- › magkaroon ng bihira pero seryosong komplikasyon na tinatawag na multisystem inflammatory syndrome (MIS-C)
- › magkalat ng COVID-19 sa ibang mga tao
- › makaranas ng mga mas pang na epekto kung sila'y naimpeksyon ng COVID-19

Ang ilang mga halimbawa ng mga pinaka-karaniwang mas pangmatagalang epekto ng COVID-19 ay ang sobrang kapaguran, pananakit ng ulo, pagbawas ng timbang, pananakit sa kalamnan, problema sa pagtulog, ubo, at kahirapang mag-isip o mag-concentrate.

Ang mga batang may dati nang mga medikal na kondisyon ay maaari ring mas nanganganib na magkaroon ng grabeng sakit mula sa COVID-19, pero ang ilang mga bata naman na nagkaroon ng malubha sakit mula sa COVID-19 ay wala namang mga risk factors.

Ang pagpapabakuna ay magbibigay ng karagdagang proteksyon laban sa virus at makakatulong ito sa mga bata na makalahok nang mas ligtas sa mga mahahalagang aktibidad, tulad ng in-person learning, isport, at social events.

Ano ang dapat mong malaman



Ang mga scientist ay sumusunod sa mga maingat na pamamaraan kapag sila'y nagdidebelop at nagre-review ng vaccines. Ang vaccines ay mabilis na naging available dahil sa dedikadong research funding at dahil sa naging malaking kolaborasyon ng iba't-ibang mga bansa. Ang vaccines ay batay sa agham at sa teknolohiya na ilang taon nang dinidibelop para sa ibang mga nakakahawang sakit.

Ang vaccines para sa mga batang 5 hanggang 11-taong-gulang ay mas maliit na dosis. Tulad ng marami pang ibang mga bakuna, ang dosis ng COVID-19 vaccine ay batay sa edad ng isang indibidwal at hindi sa kanyang timbang o kalakihan, dahil ang edad ay isang mahalagang factor sa pagtugon ng ating mga immune system. Sa ginawang pag-aaral sa mga bakunang ito, ang mas maliit na dosis ay nagbigay sa mga bata ng napakahusay na proteksyon laban sa COVID-19.

Ang vaccines ay hindi maaaring magbigay sa iyong anak ng COVID-19 dahil hindi sila naglalaman ng virus na nagdudulot ng sakit na ito.

Hindi maaring baguhin ng vaccines ang DNA. Ang vaccines ay hindi kailanman nakikipag-interact sa DNA.

Hindi maaapektohan ng vaccines ang fertility o pag-aanak ng iyong anak. Ayon sa maraming independent studies, walang ebidensiya na naapektohan ng COVID-19 vaccines ang fertility.

Side Effects / Mga Masasamang Epekto



Ang mga reaksiyon sa pagbabakuna ay karaniwang banayad at nawawala na lamang nang kusa sa loob ng ilang mga oras o araw. Ang ilang mga halimbawa nito ay pamumula, pananakit, at pamamaga sa lugar ng iniksiyon, at mga mas karaniwang sintomas tulad ng panlalamig, kaunting lagnat, sobrang kapaguran, pananakit ng ulo, pananakit sa kasu-kasuan, at pananakit ng mga kalamnan.

Ang mga malubhang allergic na reaksiyon ay bihirang-bihira at maaaring gamutin. Kung sila man ay mangyayari, karaniwan silang nagaganap makaraan ang kaunting panahon pagkatapos mabakunahan.

Ang vaccines ay minomonitor para sa kaligtasan at side effects.

Bukod pa sa malakas na COVID-19 vaccine safety monitoring system ng Canada, ang bansa ay mayroon ding safety surveillance system para sa mga bakunang pambata. Ang Immunization Monitoring Program ACTIVE (The Immunization Monitoring Program ACTIVE (IMPACT)) network ay isang pediatric network sa mga ospital na pinamamahalaan ng Canadian Paediatric Society. Mahigit nang 20 taon nila minomonitor ang pagbabakuna sa mga bata.

Kausapin ang isang health care provider kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa COVID-19 vaccines.

Alamin ang mga katotohanan. Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa Canada.ca/covid-vaccine at bisitahin ang iyong provincial o territory website para sa impormasyon na takdang ginawa para sa iyong lugar.

